


9

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikalawang Markahan – Modyul 1:
Karapatan at Tungkulin ng Tao**



EsP – Grade 9
Alternative Delivery Mode
Ikalawang Markahan – Modyul 1: Karapatan at Tungkulin ng Tao
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyulna ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: April Joy I. Delos Reyes, Jonathan Gilbert E. Cruz

Editor: Reyna Joyce B. Barutu, Filma B. Catalan

Tagasuri: Violeta M. Sta. Elena, Aimee A. Torrebillas

Tagaguhit: Aljohn Kent S. Galos, Edgardo P. Jamilar Jr.

Tagalapat: Philip Marcel R. Mapa, Aljohn Kent S. Galos, Marvin DJ. Villafuerte

Tagapamahala: Ruth L. Fuentes

Eugenio B. Penales

Sonia D. Gonzales

Julieto H. Fernandez

Henry R. Tura

Elsa A. Usman

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region IX

Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City

E-mail Address: region9@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikalawang Markahan – Modyul 1:
Karapatan at Tungkulin ng Tao**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

“With great power comes great responsibility.”


Isang tanyag na linya mula sa pelikulang Spiderman na pinagbibidahan ni Tobey Maguire bilang “Peter Parker”. Ano nga ba ang mensaheng nais ipabatid ng linyang ito? Simple lang! Ang ibig sabihin nito ay kapag ika’y may kapangyarihan, mayroon din itong mabigat na responsibilidad. Bagay lamang na dapat mong isipin nang mabuti bago tanggapin o gampanan ang kapangyarihan na ito. Gayundin, kapag ikaw ay napagkalooban ng mga karapatan, ito ay may kaakibat na responsibilidad o tungkulin

Sa modyul na ito, pag-aaralan at pag-iisipan mo ang kalikasan ng karapatan at kaakibat nitong mga tungkulin. Mahalagang maunawaan ang mga ito upang magamit mo ng may kahusayan ang iyong mga karapatan at mga obligasyong iyong kailangan namang gampanan.

Pagkatapos talakayin ang modyul na ito, inaasahan na maisasagawa mo ang sumusunod:

Kasanayang Pampagkatuto

- 5.1 Natutukoy ang mga karapatan at tungkulin ng tao (EsP9TT-IIa-5.1)
- 5.2 Nasusuri ang mga paglabag sa karapatang pantao na umiiral sa pamilya, barangay/pamayanan o lipunan/bansa (EsP9TT-IIa-5.2)
- 5.3 Napatutunayan na ang karapatan ay magkakaroon ng tunay na kabuluhan kung gagampanan ng tao ang kanyang tungkulin na kilalanin at unawain, gamit ang kanyang katuwiran, ang pagkakapantay-pantay ng dignidad ng lahat ng tao (EsP9TT-IIb-5.3)
- 5.4 Naisasagawa ang mga angkop na kilos upang ituwid ang mga nagawa o naobserbang paglabag sa mga karapatang pantao sa pamilya, paaralan, barangay/pamayanan o lipunan/bansa (EsP9TT-IIb-5.4)



Subukin

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Kung ang karapatan ay kapangyarihang moral, ang tungkulin naman ay _____.

- A. Obligasyong Moral
- B. Likas na Batas Moral
- C. Karapatang Moral
- D. Moralidad

2. Alin sa mga sumusunod ang tungkulin ng isang mag-aaral?

- A. pagsuot ng uniporme
- B. pagsuot ng *Identification Card* (ID)
- C. pagpasok sa paaralan sa takdang oras
- D. lahat ng mga nabanggit

3. Aling karapatan ang isinasaad sa bawat tungkulin na nasa kahon?

- Suportahan ang pamilya sa sapat at masustansiyang pagkain
- Gabayan ang mga anak para makaiwas sa panganib
- Maging mabuting halimbawa ng pagsasabuhay ng mga birtud

- A. Karapatan sa buhay
- B. Karapatang magpakasal
- C. Karapatang pumunta sa ibang lugar
- D. Karapatang maghanapbuhay

4. Aling karapatan ang kaakibat ng tungkulin ng patuloy na pag-aaral upang umaangat ang karera at maitaas ang antas ng pamumuhay?

- A. Karapatan sa buhay
- B. Karapatan sa pribadong ari-arian
- C. Karapatang maghanap buhay
- D. Karapatang pumunta sa ibang lugar

5. Ang sumusunod ay mga paglabag sa karapatang pantao maliban sa isa _____.

- A. Terorismo
- B. Iligal na pagmimina
- C. Pagpatay sa sanggol
- D. Diskriminasyong pangkasarian

Modyul 1

Karapatan at Tungkulin ng Tao



Balikan

Sa nakaraang aralin, naunawaan mo ang proseso ng pagtugon sa pangangailangan ng iba sa pamamagitan ng kusang-loob na pag-oorganisa ng sarili na tinatawag na lipunang sibil dahil hindi sapat ang kakayahan ng pamahalaan upang tugunan ang pangaingailangan ng bawat kasapi ng lipunan.

Gawain 1:

Panuto: Gumawa ng talaan sa kuwaderno ng mga natatandaan mong kahalintulad na pagkilos na iyong nabalitaan.

Usaping ipinoprotesta	Pangalan o uri ng organisasyon	Petsa o taon

Tanong:

1. Ano kaya ang nagtutulak sa mga taong ito na iprotesta ang mga ganitong usapin?



Mga Tala para sa Guro

Magbigay ng isang halimbawa na maaari mong ibahagi upang maipakita ang pagkakaugnayan ng dalawang batas na ito




Tuklasin

Gawain: ANO ANG MGA ITINUTURING NINYONG KARAPATAN?


Ang tao ay tulad ng isang binhi. Mula sa pagiging isang butil, ito ay magkakaroon ng ugat at may sisibol na mga munting dahon. Sa bawat pagsibol ng mga dahong ito, ipinahihiwatig na may buhay at karapatan ito sa mundong ginagalawan.

Panuto: Isulat ang iyong itinuturing na karapatan sa mga dahon.



Sagutin:

1. Alin sa iyong mga naisulat ang pinakamalapit na kahulugan ng karapatang pantao? Bakit?
2. Ano pa ang hindi moa lam at gusto mo pang matutuhan tungkol sa karapatang pantao? Ipaliwanag.
3. Para sa iyo, ano ang kahulugan ng karapatan pantao?



Suriin

Kumpara sa iba pang nilikha, ang tao lamang ang mayroong higit na halaga kaysa sa ibang bunga ng pagkakalikha sapagkat siya ay nilikha ayon sa larawan at wangis ng Diyos, at siyang paraan na rin ng paghahayag nang Kaniyang sarili sa tao.¹ Ang halagang ito o *value* ay tinatawag na dignidad na siyang pinakamatibay na dahilan kung bakit ang bawat tao ay mayroong karapatan. Umuusbong ang karapatan mula sa dignidad sapagkat ang bawat karapatan ay pagpapakita nang pagkamahalaga ng tao.

Ang karapatan ay tumutukoy sa mga prinsipyo na nagsisilbing gabay sa mga pananaw ng tao na may kinalaman sa kung papaano niya itrato ang kanyang kapuwa at sa kanyang dignidad bilang tao. Ito ay itinuturing na kapangyarihang moral sapagkat ang paggamit ng mga karapatan ay may kakayahang magdulot ng kaligayahan, kapayapaan, at pagkakaisa.

Ang pagkilala sa mga patas at hindi maaalis na karapatan ng bawat tao sa buong mundo na pinakikilos nang may kalayaan, katarungan at kapayapaan ay nangangailangan ng patas na pagbibigay-halaga sa karapatan at tungkulin upang makabuo ng batayang moral kung saan lahat ng lalake at babae ay mamumuhay ng mapayapa at makakamit ang kanilang kaganapan bilang tao. Ito ang dahilan kung bakit binuo rin ng United Nations ang Pangkalahatang Pagpapahayag ng Tungkulin ng Tao o Universal Declaration of Human Rights noong 1997.³

Halimbawa, ang mga kababaihan noong unang panahon ay walang lugar sa politika ngunit hindi naglaon ay nabigyan na ang mga kababaihan ng karapatan upang mamuno sa lipunan. Ngunit inaasahan din sa kanya ang maayos na pamamalakad at paglilingkod.

Ang tungkulin ay ang mga bagay na inaasahang magagawa o maisasakatuparan ng isang tao. Kung maisasagawa mo nang maayos ang mga tungkuling paggawa ng mabuti sa kapuwa, maaaring magbigay ng kaligayahan at kaganapan kung sino at ano ka bilang tao ditto sa mundo.

Tandaan ang bawat karapatan at ang kaakibat na tungkulin ng tao.


1.



- ✓ Karapatang mabuhay
- ✓ Tungkulin ang pangalagaan ang sarili o pangalagaan ng mga magulang ang mga anak.

Halimbawa: Sa babaeng nagdadalang-tao, tungkulin ng ina na pangalagaan ang kaniyang sarili upang masiguro ang kaligtasan ng sanggol.

2.



- ✓ Karapatan magkaroon ng pribadong ari-arian
- ✓ Tungkulin na gawing na gawing legal ang pag-aari, mapayabong ang mga ito at gamitin upang tulungan ang kapuwa at paunlarin ang pamayanan.

Halimbawa: Pagtulong sa mga nasalanta ng baha sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagkain, damit o pera, mga bagay na tunay nilang kailangan.

3.



- ✓ Karapatang magpakasal o magkaroon ng pamilya
- ✓ Tungkulin na pangalagaan ang pamilya

Halimbawa: Pagiging isang mabuting halimbawa sa mga anak, pag-iwas sa eskandalo na magiging sanhi sa pagsira ng pangalan ng pamilya at pagsasabuhay ng mga birtud bilang isang pamilya.

4.



- ✓ Karapatan sa pananampalataya
- ✓ Tungkulin na igalang ang ibang relihiyon o paraan ng pagsamba ng iba

5.



- ✓ Karapatang maghanapbuhay
- ✓ Tungkulin maghanapbuhay ng marangal
- ✓ Tungkulin ng bawat isa na magpunyagi sa trabaho o hanapbuhay at magpakita ng kahusayan sa anumang gawain.

6.



- ✓ Karapatang pumunta sa ibang lugar
- ✓ Tungkulin na igalang ang mga pribadong boundary, kaakibat ng karapatang ito na kilalanin ang limitasyon ng sariling kalayaan at pribadong espasyo ng kapuwa.
- ✓ Tungkulin na sumunod sa mga batas na pinapairal ng ibang lugar o bansa





Pagyamanin

Gawain: Bawat karapatan ating Igalang; Mga Tungkulin, Ating Tupdin

Natalakay sa EsP 7 na kalakip ng pagiging tao ang tinatawag na dignidad. Ang dignidad ay hango sa salitang latin na “*dignitatis*” na ang ibig sabihin ay pagiging karapat-dapat.

Panuto: Sagutin ang tanong at isulat ang iyong sagot gamit ang Venn Diagram. Gawin ito sa sagutang papel. Paano maiuugnay ang dignidad ng tao sa kanyang mga karapatan at tungkulin?





Isaisip

Gawain: Tsart ng mga karapatan at mga paglabag sa mga ito

Nalaman mo na ang kahulugan ng karapatang pantao. Ngunit may mga panahon na nilalabag ang mga ito.

Panuto: Sagutin ang mga tanong na nakapaloob sa talahanayan upang lubusang mapalawak ang iyong pagkakaunawa sa aralin.

Mga Karapatan	Mga Paglabag sa bawat Karapatan
1. Karapatang mabuhay at kalayaan sa pangkatawang panganib	Hal. Aborsiyon
2. Karapatan sa mga batayang pangangailangan upang magkaroon ng maayos na pamumuhay (pagkain, damit, tahanan, edukasyon, pagkalingang pangkalusugan, tulong sa walang trabaho, at tulong sa pagtanda)	
3. Karapatan sa malayang pagpapahayag ng opinyon at impormasyon	
4. Karapatan sa malayang pagpili ng relihiyon at pagsunod sa konsensya	
5. Karapatan sa pagpili ng propesyon	
6. Karapatan sa malayang paglipat sa ibang lgar upang manirahan	
7. Karapatan sa aktibong pakikilahok sa mga pampublikong gawain o proyekto	
8. Karapatan sa patas na proteksiyon ng batas laban sa mga paglabag sa mga karapatang ito	



Isagawa

Angkop na Pagpapasya!

Panuto: Punan ang tsart ng angkop na kilos sa pagharap sa mga sumusunod na sitwasyon.

Siwasyon	Angkop na kilos
1. Isang batang may kapansanan sa paglalakad ang nakita mong kinuktya ng iyong mga kaklase.	
2. Nakita mong tinatakot ng iyong kaklase ang iyong kaibigan at pinipilit kunin ang cellphone nito.	
3. Naabutan moa ng isang grupo ng mga kalalakihan na pinipilit ang mga magulang mon a umanib sa kanilang relihiyon.	




Tayahin

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ang _____ ay mga bagay na inaasahang magagawa o maisasakatuparna ng isang tao.
A. karapatan
B. konsensiya
C. sinseridad
D. tungkulin
2. Alin sa mga sumusunod ang tungkulin ng isang mag-aaral?
A. pagsuot ng uniporme
B. pagsuot ng *Identification Card* (ID)
C. pagpasok sa paaralan sa takdang oras
D. lahat ng mga nabanggit
3. Si Senador Manny Pacquiao ay nagmungkahi na ibalik ang pagpapataw ng parusang kamatayan sa mga criminal o nagkasala sa batas. Sinasang-ayunan mob a na ibalik ang ganitong klaseng parusa?
A. Opo, para mabigyan ng hustisya ang mga biktima.
B. Opo, para mabawasan na ang kriminalidad sa ating lipunan.
C. Hindi, dahil may mga taong napagbintangan lamang sa krimeng hindi naman ginawa.
D. Hindi, dahil ang buhay ay sagrado. Ang Diyos ang tagapagbigay buhay at tanging Siya lang ang may karapatang bawiin ito ayon sa Kanyang kalooban.
4. Isang pulubi na maraming dumi sa katawan at may masangsang na amoy ang nais pumasok sa isang *supermarket* upang bumili ng kanyang pagkain. Subalit hindi siya pinatuloy ng gwardya. Tama baa ng nagging pagtrato sa kanya?
A. Opo, dahil pangingilagan siya ng ibang namimili kapag pumasok siya sa loob.
B. Hindi, dahil may pambayad naman siya.
C. Opo, dahil pwede naman siyang bumili sa mga maliliit na tindahan sa labas.
D. Hindi, dahil hangad lamang niya na makabili ng pagkain at may karapatan at kalayaan din siya kagaya ng iba pang mamamayan.
5. Ang mga sumusunod ay mga paglabag sa karapatang pantao maliban sa isa _____.
A. terorismo
B. pagbabayad ng utang
C. pagpatay sa sanggol
D. diskriminasyong pangkasarian
6. Sa papaanong paraan napapakinabangan ng tao ang karapatan?
A. sa paggawa ng moral na kilos
B. dahil tao lang ang may isip
C. dahil tao lamang ang nakagagawa ng moral na kilos
D. dahil tao lang ang marunong kumilos

7. Alin ang angkop na paglalarawan ng paglabag sa karapatang pantao?
 - A. Hindi pahihintulutang mag-*absent* bukas ang isang tinedyer.
 - B. mga karpinterong nagtatrabaho ng walang sumbrero
 - C. isang Linggo ng hindi makapagtinda sa palengke dahil sa pandemya
 - D. Pinagtatrabaho ang mga menor de edad sa isang minahan upang makatulong sa mga magulang.
8. Hindi maaalis sa tao ang karapatang ito dahil kailangan niya ang mga ari-arian upang mabuhay nang maayos at makapagtrabaho ng produktibo. Ito ay karapatan ng _____.
 - A. pribadong ari-arian
 - B. mag-impok sa bangko
 - C. bumili ng mga ari-arian
 - D. umangkin ng ari-arian
9. Kapag nilabag ang karapatang pantao magkakaroon ng _____.
 - A. pag-iisip ng pagsisisi
 - B. pananagutan
 - C. damdamin ng pagsisisi
 - D. pagmumuni
10. Kayong magkaka-eskwela ay nasa paborito ninyong kainan. May pumasok na binatilyo na may kapansanan sa paglalakad. Napansin mong walang bakanteng lamesa at upuan para sa binatilyo na tila uhaw at gutom na. ano ang gagawin mo?
 - A. Hahayaan ko siya at patuloy akong makikipagkwentuhan at tawanan sa aking mga kaeskwela.
 - B. Tatawagin ko siya para umupo nang sandal sa aming grupo habang naghihintay siya ng may mabakante.
 - C. Tatawagin ko ang pansin ng isa sa mga *service crew* para maglaan ng lugar para sa mga taong may kapansanan.
 - D. Makikipagkilala at makikipagkwentuhan ako sa binatilyong may kapansanan habang hindi pa siya nakakahanap ng lugar sa kainan.
11. Ang _____ ay tumutukoy sa mga prinsipyo na nagsisilbing gabay sa mga pananaw ng tao na may kinalaman sa kung papaano niya itrato ang kanyang kapuwa at sa kanyang dignidad bilang tao.
 - A. karapatan
 - B. konsensiya
 - C. sinseridad
 - D. tungkulin
12. Ang kagustuhan na lumipat o tumira sa ibang lugar at magkaroon ng oportunidad tulad ng trabaho o komportableng pamumuhay o ligtas sa anumang panganib ay sinusupportahan ng karapatang _____.
 - A. magtrabaho o maghanap buhay
 - B. pumunta sa ibang lugar
 - C. pumunta sa ibang lugar at maghanap buhay
 - D. mag-abrod
13. Maagang nag-asawa sina Gina at Peter. Maraming pagsubok silang naranasan sa kanilang pagsasama. Gayunpaman, nanatiling metatag ang kanilang pagmamahalan. Maraming nanghusga sa kanila. Pinagsikapang magtrabaho nang maayos ng mag-asawa upang umunlad ang kanilang buhay. Ito ay ang kanilang karapatang _____.
 - A. mag-asawa
 - B. magkaroon ng pribadong ari-arian
 - C. magkapagtrabaho
 - D. makapunta sa ibang lugar o bansa

14. May nakita kang isang lalaking naka-kotse na pinapagalitan ang isang matandang drayber dahil sa hindi pagpaparada nang tama sa kanyang dyip. Habang pinagsasalitaan siya nang hindi maganda, naroon sa tabi niya ang kanyang paslit na apo. Ano ang gagawin mo?
- Panoorin ko ang nangyayaring kaganapan.
 - Tatawagin ko ang paslit na apo para lumayo kani sa kaganapan.
 - Tatawag ako ng kinauukulan tulad ng barangay tanod o pulis para mamagitan sa kanila.
 - Pupuntahan ko ang lalaki at ang matandang drayber at pagsasabihan ko sila na tumigil na.
15. Ano ang totoo para sa karapatan, kasunduan, kabutihan at kawang-gawa? Ito ay _____.
- bagay na pansarili lamang
 - mahalagang bagay para sa lahat ng nilalang
 - magdudulot ito ng pagkakapantay-pantay sa lahat ng tao
 - mahalagang katangian na nararapat na mayroon ang bawat tao




Karagdagang Gawain

Panuto: Gumawa ng isang lingguhang plano ng mga tungkuling gagawin upang maging gawi mo ang pagpapahalaga sa mga karapatan at tungkulin.

ARAW	TUNGKULING GAGAMPANAN
Lunes	
Martes	
Miyerkules	
Huwebes	
Biyernes	
Sabado	
Linggo	

Sagutin:

- Ano ang iyong naging reyalisasyon matapos gawin ang gawain?
- Paano makatutulong ang pagtutupad sa tungkulin sa pagbuo ng iyong pagkatao/pamilya/paaralan/lipunan/pamahalaan?



Susi sa Pagwawasto

Subukin	1. A 2. D 3. A 4. C 5. B
Tayahin	1. D 2. D 3. D 4. D 5. B 6. C 7. D 8. A 9. C 10. C 11. A 12. C 13. A 14. C 15. D

Isagawa:

Mga Karapatan	Mga Tungkulin
1. Karapatan ko ang mabuahy	Tungkulin ko ang pangalagaan ang akong sarili
2. Karapatan ko ang magkaroon ng pribadong ari-arian	Tungkulin ko na sa legal na pamamaraan nalikom ko ang akong mga ari-arian
3. Karapatan ko ang magkaroon ng sariling magkaron ng sariling pamilya	Tungkulin ng akong mga magulang na ako ay pangalagaan
4. Karapatan kong maglakbay sa ibang lugar o bansa	Tungkulin ko ang sumunod sa mga batas ng pinatiral ng ibang lugar o bansa na akong napupuntahan
5. Karapatan ko ang magkaroon ng sariling pananampatataya	Tungkulin ko na galangin o respeto ang ibang rehiyon
6. Karapatan kong magkahanapuhay	Tungkulin ko ang magkahanapuhay ng marangal

Sanggunian

Aklat

- Kagawaran ng Edukasyon, *Edukasyon sa Pagpapakatao 9 Modyul para sa Mag-aaral*, DepEd-BLR, Muling Limbag 2017, pp 79 – 95
- Gayola, Sheryll T. et. al., *Edukasyon sa Pagpapakatao Modyul para sa Mag-aaral*, Unang Edisyon 2015, Muling Limbag 2017, pp. 90

Electronic sources

- Human Rights Career, “What is Human Dignity? Common Definitions”

<https://www.humanrightscareers.com/issues/definitions-what-is-human-dignity/>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph